



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

LISTEN TO THE GOOD WORD

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Sa hadith ng banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam:

اللهم اجعلنا ممن يستمعون القول ويتبعون احسنه

Ano ang Ibig sabihin nito? “Humihingi kami sa Allah na kami ay gawin mula sa mga silang nakikinig at sumusunod sa mas nakakabuti” Mahalaga ang sabi ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ang bawat salita at letra ay napagakahalaga.

Ngayon karamihan sa mga tao’y sumusunod sa kanilang sariling pag-iisip at nais nilang sumunod ang iba dito. Ito’y di mangyayari. Ano ang dapat natin gawin? Dapat natin sundan ang salita ng Allah jalla jalaluhu at banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam, mga payo at nasiha ng mga Awliya at Saliheen.

Tayo’y di dapat kumontra sa sinsabi nila. Lalo na ang utos ng Allah azza wa jalla. Pag may utos ang Allah na di mo kayang gawin, dapat iyong sabihin “Nawa’y patawarin ako ng Allah, wala sa aking kakayanan ang gawin ito.” Wag mong sundan ang binabanggit ng iyong isipan at iyong sasabihin na ang utos ng Allah ay di angkop gawin ngayon, sa ibang pagkakataon lang dapat. Dapat iyong sabihin “Kami ay mahihinang at walang kakayanan na alipin ng Allah, kaunti lang ang kaya namin.”

Kaya ang di pagsunod sa utos o pagsasagawa dito ay maaring palampasin kaysa sa pagkontra sa utos ng Allah dahil ito’y di nakabubuti sayo. Lalo na sa pagrerebelde, di kailangan ng Allah ng katulad mo. Di niya kailangan ang kahit na sinoman.

Ang Allah Azza wa Jalla ay nagbibigay ng regalo sayo upang magamit at magtagumpay ka. Di ito gumagana mula sa iyong pag-iisip. Binigyan ka ng Allah ng kaisipan upang magamit mo at matimbang. Kapag ginamit mo ito sa pagsuway sa Allah doon ka masasaktan. Kaya Nawa’y gawin tayo ng Allah mula sa mga silang nakikinig sa magandang salita In Sha Allah.

1. Pious ones



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
14 November 2016/14 Safar 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah